## Tungkol Saan ang Modyul na Ito?

Nagbabasa ka ba ng pahayagan? O may kilala ka bang nakasanayan nang nagbabasa ng pahayagan araw-araw? Kung gayon, ginagawa nila ito sapagkat isang napakahalagang pinagmumulan ng impormasyon ang pahayagan.

Kailangan mo bang malaman ang pinakabagong impormasyon? Marahil nais mong tingnan ang kasalukuyang kalagayan ng panahon o kaya'y gusto mong alamin ang tungkol sa pagtaas ng presyo ng gasolina. Kung tagasubaybay ka naman ng palakasan, bakit hindi mo tingnan ang huling 'basketball tournament' at basahin ang detalye tungkol dito. Alamin ang pinakabagong balita sa politika, sa kapaligiran, pinilakang-tabing o *entertainment*, *shipping schedules*, paglilingkod ng pamahalaan, at iba pa! Magbasa ng pahayagan araw-araw!

Isang kagamitan para sa paghahatid ng impormasyon at komunikasyon (talastasan) ang pahayagan, at maaari itong makatulong sa iyong pang-araw-araw na pamumuhay. Sa pagbabasa ng pahayagan, iyong mababatid kung ano ang nangyayari sa bawat sulok ng mundo gayundin ang mga lokal na pangyayari at mga isyu. Maaari ring marinig ka sa pamamagitan ng pahayagan. Makatutulong din ang pahayagan sa paghahanap ng trabaho!

Makatutulong sa iyo ang modyul na ito na matutuhan ang tungkol sa pagbabasa ng pahayagan at maunawaan ang halaga nito. May dalawang aralin na gagabay sa iyo:

Aralin 1 – *Ang Halaga at Gamit ng Pahayagan*

Aralin 2 – *Paano Basahin at Intindihin ang Ulo ng Balita (Headlines) at Pangalawang Ulo ng Balita (Sub-headlines)*

## Anu-ano ang mga Matututuhan Mo sa Modyul na Ito?

Pagkatapos ng pag-aaral sa modyul na ito, inaasahang:

1. Maipaliwanag mo ang halaga at gamit nang pagbabasa ng pahayagan sa iyong pang-araw-araw na pamumuhay;
2. Maintindihan mo ang ulo ng balita o 'headlines' at pangalawang ulo ng balita o 'sub-headlines' sa pahayagan.

## Anu-ano na ang mga Alam Mo?

Bago mo simulan ang pag-aaral ng modyul na ito, sagutin ang pagsubok na ito upang malaman kung ano ang iyong kaalaman tungkol sa paksa.

A. Sagutin ang mga sumusunod na katanungan sa pagsusulat ng **tama** o **mali** sa patlang o puwang na nakalaan. Kung sa iyong palagay totoo ang pangungusap, isulat ang tama. Kung sa palagay mo naman na hindi totoo ang pangungusap isulat ang mali.

1. Isang anyo ng pabatirang pangmadla (*mass media*) ang pahayagan. ___________
2. Kung nais kong malaman ang pinakahuling balita hinggil sa palakasan, maaasahan ko ang pahayagan. ___________
3. Hindi mo kailangang magbasa ng pahayagan kung magsasaka ang iyong trabaho. ___________
4. Sa panonood ng balita sa telebisyon, mababatid mo ang lahat ng gusto mong malaman, kaya't hindi mo na kailangang magbasa ng pahayagan. ___________
5. May makikita kang dagdag na kaalaman hinggil sa serbisyong pangkalusugan sa pamamagitan ng iyong pahayagan. ___________
6. Hindi mababatid sa pamamagitan ng pagbabasa ng pahayagan ang mga pinakahuling balita hinggil sa pag-unlad sa agham at teknolohiya. ___________
7. Maaari akong maghanap ng trabaho sa pamamagitan ng pagbabasa ng pahayagan. ___________
8. Hindi ko maipahahayag ang aking serbisyo bilang 'hairdresser' sa pamamagitan ng pahayagan. ___________
9. Pagsasayang lamang ng oras ang pagbabasa ng pahayagan; sa halip makinig na lamang ng radyo para sa oras-oras na balita ( *hourly updates*). ___________
10. Maaari kong ipahayag ang kahit anong opinyon o kuru-kuro tungkol sa mga bagay sa pamamagitan ng pahayagan. ___________

B. Tingnan mo kung maiintindihan at maipaliwanag mo ang mga sumusunod na ulo ng mga balita o 'headlines'. Isulat sa nakalaan na puwang kung ano ang iyong naiisip tungkol sa nais nitong sabihin.

1. **Erap, Nagmatigas sa Hinihingi ng mga Rebelde, Walang 'Ransom Payment'**

2. **Mga Pilipinong Manlalaro Lumipad Patungong Sydney, Hangad ay Ginto**

3. **Presyo ng Bigas Patuloy na Tumataas**

4. **20 Kilo ng Shabu Nakuha Mula sa Guro**

O, kumusta ang pagsubok? Sa palagay mo nasagot mo? Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 30–31.

Kung tama ang lahat mong sagot magaling! Ipinakikita nito na marami ka nang nalalaman tungkol sa mga paksa sa modyul na ito. Maaari mo pa ring pag-aralan ang modyul na ito upang mapag-aral muli ang iyong mga nalalaman. Malay mo, marahil marami ka pa ring matututuhan nang ilang bagay ukol dito.


Kung nakakuha ka ng mababang puntos, huwag masiraan ng loob. Ibig sabihin lamang na para sa iyo ang modyul na ito. Makatutulong ito upang maunawaan ang ilang mahahalagang konsepto na maaari mong magamit sa pang-araw-araw mong pamumuhay. Kung pag-aaralang mabuti ang modyul na ito, matututuhan mo ang mga sagot sa lahat ng mga tanong sa pagsubok at marami pang iba! Handa ka na ba?

Maaari ka nang magsimula sa Aralin 1 na nasa sunod na pahina.

# Ang Halaga at Gamit ng Pahayagan

Nabubuhay tayo sa mundo na kung saan napakahalaga ang impormasyon at komunikasyon. Ang mga pasya ng pamahalaan at kalakalan ay ginagawa batay sa datos (*facts* at *figures*). Para sa lahat ng ito, maraming bilang ng impormasyon ang kinakailangan. Inihahatid sa pamamagitan ng komunikasyon tulad ng pabatirang pangmadla (*mass media*) ang impormasyong ito.

Gayundin ang nangyayari sa mga indibidwal na tulad mo at tulad ko, nabubuhay sa pang araw-araw na buhay. Kailangan natin ng impormasyon pareho rin ng iba. Kung nagpaplano kang maglalayag, kailangan mong malaman ang paglalakbay tungkol sa panahon sa araw ng iyong paglalakbay. Nais malaman ng isang nagbubuntis na ina ang pinakahuling paksa ukol sa pag-aalaga sa kalusugan ng kanyang anak. Tiyak na nais malaman ng isang magsasakang nagtatrabaho sa kanyang bukid kung paano makaaapekto ang pagtaas ng presyo ng langis sa presyo ng kanyang pananim. Naipaaabot sa pamamagitan ng pabatirang pangmadla, isa na dito ang pahayagan ng mga ganitong impormasyon.




June 14, 2000
Vol. 15, No. 340
P15

THE MORNING STAR

**Mga jeepney driver naglunsad ng malawakang welga**

Nabubuhay tayo sa mundong kung saan ang impormasyon at komunikasyon ay napakahalaga. Ang mga pasya ng pamahalaan at kalakalan ay ginagawa batay sa datos ('facts' at 'figures'). Para sa lahat ng ito, maraming bilang ng impormasyon ang kinakailangan. Ang impormasyong ito ay inihahatid sa pamamagitan ng komunikasyon tulad ng pabatirang pangmadla.

Gayun din ang nangyayari para sa mga indibidwal tulad mo at tulad ko, nabubuhay sa araw-araw. Kailangan natin ng impormasyon tulad ng kahit sino. Kung nagpaplano kang maglayag sa dagat, kailangan mong malaman ang tungkol sa panahon sa araw ng iyong biyahe. Ang isang nagbubuntis na ina ay nais malaman ang

| | |
|---|---|
| The World | 2 |
| Editorial | 2 |
| Technology | 2 |
| Sports | 3 |
| Entertainment | 4 |
| Lifestyle | 5 |
| Classified Ads | 6 |

Nabubuhay tayo sa mundong kung saan ang impormasyon at komunikasyon ay napakahalaga. Ang mga pasya ng pamahalaan at kalakalan ay ginagawa batay sa datos ('facts' at 'figures'). Para sa lahat ng ito, maraming bilang ng impormasyon ang kinakailangan. Ang impormasyong ito ay inihahatid sa pamamagitan ng komunikasyon tulad ng pabatirang pangmadla.

Gayun din ang nangyayari para sa mga indibidwal tulad mo at tulad ko, nabubuhay sa araw-araw. Kailangan natin ng impormasyon tulad ng kahit sino. Kung nagpaplano kang maglayag sa dagat, kailangan mong malaman ang tungkol sa panahon sa araw ng iyong biyahe. Ang isang nagbubuntis na ina ay nais malaman ang pinakahuling ukol sa pag-aalaga sa kalusugan ng kanyang anak. Ang isang magsasakang nagtatrabaho sa kanyang bukid ay tiyak na nagnanais malaman kung paano makaaapekto ang pagtaas ng presyo ng langis sa presyo ng kanyang tanim. Ang mga ganitong impormasyon ay naipaaabot sa pamamagitan ng

Lokal na Balita:

**Ang Nueva Ecija ay ang kauna-unahang sentro ng agham sa RP**

Nabubuhay tayo sa mundong kung saan ang impormasyon at komunikasyon ay napakahalaga. Ang mga pasya ng pamahalaan at kalakalan ay ginagawa batay sa datos ('facts' at 'figures'). Para sa lahat ng ito, maraming bilang ng impormasyon ang kinakailangan. Ang impormasyong ito ay inihahatid sa pamamagitan ng komunikasyon tulad ng pabatirang pangmadla.

Gayun din ang nangyayari para sa mga

Nabubuhay tayo sa mundong kung saan ang impormasyon at komunikasyon ay napakahalaga. Ang mga pasya ng pamahalaan at kalakalan ay ginagawa batay sa datos ('facts' at


Weather



## Subukan Natin Ito


Sa palagay mo na mabubuhay kang hiwalay sa iba, na walang kahit anong panlabas na impormasyon na tutulong sa iyo. Mag-isip kang muli. Ang mga pahayagan ang magbibigay sa iyo ng pinakahuling datos na makatutulong sa iyo para sa iyong trabaho, pag-aaral, pisikal na kalusugan, at marami pa! Upang higit na maunawaan ito, subukan natin ang sumusunod na gawain.

Nakalista sa ibaba ang mga halimbawa ng mga taong may iba't ibang sitwasyon. Sa palagay mo ba makatutulong sa kanilang buhay ang pahayagan? Sagutin ng **oo o hindi** at isulat ang inyong kasagutan sa nakalaan na puwang.




Magsasagawa ng operasyon sa puso si Dr. Reyes. Kamakailan lamang, nalaman niya ang tungkol sa pinaka huling teknolohiya nang paggamit ng 'laser' na makatutulong sa kanya sa pagsasagawa ng operasyon.

Makatutulong ba sa kanya ang pagbabasa ng pahayagan? __________





Hindi makapagpasya si Ana kung ano ang gagawin niya sa darating na Sabado ng gabi. Gusto niyang manood ng sine, subalit hindi siya sigurado kung ano ang palabas sa pinakamalapit na sinehan.

Makatutulong ba kay Ana ang pagbabasa ng pahayagan? __________



Nagtatrabaho si Mando nang higit sa takdang oras sa isang pabrika. Nais niyang malaman ang tungkol sa huling pagtaas ng sahod.

Makatutulong ba kay Mando ang pagbabasa ng pahayagan? ________



Mag-uulat si Karen tungkol sa kung paano pinangangalagaan ng pamahalaan ang buhay-gubat (*wildlife*) sa bansa. Kailangan niyang malaman ang mga huling patakaran ng pamahalaan tungkol dito.

Makatutulong ba kay Karen ang pagbabasa ng pahayagan? ________



Aalis patungong Saudi Arabia si Boyet upang magtrabaho bilang 'fork-lift operator'. Alam niyang maaalala niya ang Pilipinas at gusto niyang makabalita kung anong nangyayari sa bansa araw-araw.

Makukuha ba niya ang mga huling balita sa pahayagan? ________



Katatapos lamang ni Marie sa kanyang kurso sa Komersiyo nitong taon. Interesado siyang makahanap ng trabaho para sa kanyang sarili sa isang 'accounting firm'.

Makatutulong ba sa kanya ang pagbabasa ng pahayagan? ________



Nagbabalak si Aling Minda na magpiknik bukas sa baybay dagat kasama ang kanyang mga anak. Inaasam niyang magiging mainit ang panahon sa araw ng piknik.

Malalaman ba ni Aling Minda ang tungkol sa panahon mula sa pahayagan?




Nagtitinda ng isda at hipon sa lokal na palengke si Aling Lucy. Alam niya na tumaas ang presyo at nais niyang matantiya kung magkano niya ibebenta ang kanyang paninda.

Makatutulong ba sa kanya ang pagbabasa ng pahayagan? ______




Isang tagahanga si Michelle ng isang batang artista na si Joey Jimenez. Nais niyang malaman ang tungkol sa kanyang idolo at ang huli nitong palabas sa telebisyon.

Mababasa ba niya sa pahayagan ang tungkol sa kanyang idolo? ______




Isang tagasubaybay ng basketball si Richie. Gusto niyang malaman ang resulta ng laro nang nakaraang gabi.

Makukuha ba ni Richie ang impormasyon sa pahayagan? ______

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pp. 31–32. Kung tama ang mga sagot mo, mabuti! Subalit huwag kang mag-alala kung hindi mo masagot lahat ito. Ipagpatuloy lamang ang pagbabasa upang higit na malaman ang halaga at gamit ng pahayagan.



## Pag-aralan at Suriin Natin Ito

Isang paraan ng komunikasyon o pakikipagtalastasan sa malaking bilang ng mga tao ang **pabatirang pangmadla o mass media.** Mabisang naisasagawa ito sa pamamagitan ng pamamahayag, kabilang dito ang telebisyon at radyo, at sa pamamagitan ng paglilimbag tulad ng pahayagan, *magasines*, at diyaryo (*tabloids*).

Isang mahalagang kagamitan ng pabatirang pangmadla ang pahayagan. Bilang nakasulat na instrumento, nakapagdadala ito sa atin ng maraming balita tungkol sa mga nangyayari sa ating bansa. Ang mga pahayagan ang nagtatala ng mga pangyayaring nagaganap araw-araw. Ang mga ito rin ang nagtuturo at nagpapabatid sa atin tungkol sa pinakahuling pangyayari sa:

- *Agham* - naiuulat sa mga pahayagan ang mga bagong tuklas sa agham gayundin ang mga pinakahuling batas kaugnay sa agham.
- *Teknolohiya* - ang mga pahayagan ang nagbibigay ng ulat tungkol sa mga pinakahuling imbensiyon at inobasyon.
- *Kalusugan* - pag-aralan ang tungkol sa pinakahuling pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng pahayagan.

- *Kapaligiran* - alamin ang tungkol sa mga batas at mga balita sa kapaligiran
- *Aliwan o Libangan* - basahin ang tungkol sa pinakahuling pelikula, musika, artista, mang-aawit, uso, at likha.

## Pag-isipan Natin Ito

Kung wala ang pabatirang pangmadla, hindi natin makukuha ang lahat ng pang-araw-araw na impormasyon na kinakailangan natin. Samantala, di tulad ng ibang anyo ng pabatirang pangmadla, mabisa ang pahayagan sapagkat mababasa ito ng paulit-ulit. Mababasa at muling mababasa ito, at hindi magastos na paraan ng pag-iipon ng impormasyon. Gayundin, nakaaabot sa lahat ng tagasubaybay, ang mga pahayagan at kahit sa mga lugar na hindi naaabot ng telebisyon at radyo:

Sa gawaing katatapos lamang, nakita mo kung paano naaapektuhan ng impormasyon na kanilang kinakailangan ang buhay ng iba't ibang tao. Sa pamamagitan ng paggamit ng pahayagan, nakapagtatrabaho at nabubuhay sila ng mas masinop at masaya.


## Basahin Natin Ito


*Mga Tauhan*:

Si Cora, isang batang babae na may gulang na labing-isa

Si Ditas, nakatatandang kapatid na babae ni Cora, may gulang na labing-apat




Nakukuha ko sa telebisyon ang lahat ng dapat kong malaman. Bukod dito, sino ba ang nangangailangan ng kompletong impormasyon? Gayundin, sino naman ang magpapahalaga kung ano ang aking palagay tungkol sa huling pagtaas ng presyo ng langis.
Maaaring magbigay sa iyo ng impormasyon ang telebisyon at radyo, subalit magiging mahirap para sa iyo ang lumabas sa telebisyon tuwing may gusto kang sabihin. Sa pamamagitan ng pahayagan, maaari mong sabihin kung ano ang nais mo.
Talaga? Paano?
Simple, sa pamamagitan ng pagsulat sa kanila.
O? Subalit paano kung hindi natin nakukuha lahat ang impormasyon at balita na kailangan natin?
Hayaan mong isalaysay ko sa iyo ang tungkol sa panahon ng 'Martial Law' sa Pilipinas, noong sinasala ang lahat ng impormasyon. Isipin mo kung anong nararamdaman mo na hindi mo masabi kahit kanino ang iyong naiisip o kaya'y nararamdaman, kung nagugutom, napapagod, o nalulungkot ka?


Nakakagalit! Nakakasama ng loob!
Oo, iyan ang tunay na nangyari noong sinasala ng pamahalaan ang ilang materyal sa mga pahayagan. Gayundin, hindi kompleto ang impormasyon at hindi naipapahayag ang mga opinyon. Hindi alam ng mga tao kung ano ang tunay na nangyayari sa bansa.
Ah, alam ko na! Bahagi ito ng ating kasaysayan. Nasikil tayo kaya't isinulong natin ang "People's Power" noong 1986!
Natutuwa ako at alam mo ang kasaysayan, Cora. Napansin mo rin ba na pagkatapos nang 1986, nagkaroon ng mas maraming pahayagan, at sa panahong ito mas malaya nang nakapagpapahayag at kompleto ang impormasyon?
Oo, tama ka! Natutuwa ako at mayroon tayong pahayagan ngayon. Ah Ate Ditas, ipagpaumanhin mo ang mga nasabi ko tungkol sa mga pahayagan.
Ayos lang iyon, pagbibigyan kita kung . . . uumpisahan mo na ngayon ang pagbabasa ng pahayagan!



## Pag-aralan at Suriin Natin Ito

Basahin ang artikulo sa loob ng kahon sa ibaba. Ano ang naiisip mo tungkol dito?

**Liham Para sa Patnugot**

Ang Pang-araw-araw na Balita

Isa akong mag-aaral mula sa lalawigan ng Calumpit, Bulacan. Kapwa magsasaka ang aking mga magulang, at nakatira kami sa tabi ng palayan. Nalulungkot ako kapag nakikita ko kung paano nagiging sanhi ng polusyon sa mga ilog dito sa Bulacan ang maraming pabrika. Naibenta na ang ilang mga palayan upang bigyang daan ang mas marami pang pabrika.

Hindi ako tumututol sa mga pabrika sapagkat nakapagbibigay ito ng hanapbuhay sa mga tao sa Bulacan. Subalit hinahangad kong matuto sila kung paano maging responsable at mangalaga sa kapaligiran. Dahil sa kanila, naging madumi at mabaho ang mga ilog. Nahihirapan sa paghanap ng malinis na tubig ang mga magsasaka. Hindi na makapamalakaya sa maduming tubig ang mga mangingisda. Umaasa ako sa pakikialam ng pamahalaan tungkol dito.

*Jose Mercado*
Brgy. Otso, Calumpit, Bulacan

Hindi tayo basta kumukuha ng impormasyon mula sa pahayagan. Bilang mambabasa, binibigyan rin tayo ng kalayaan at pagkakataon na maipahayag ang ating pananaw at ilahad ang ating palagay o kuru-kuro. Tungkol sa damdamin ng isang mag-aaral ang liham na kababasa mo lamang. Nakatira siya malapit sa palayan at nakikita niya kung paano sumisira sa kanyang tinubuang bayan ang polusyon. Sa pamamagitan ng kolum na o "Liham" bahagi ng pahayagan, sino man ay makapagsasalita at makapaglalahad ng kanyang iniisip.

Narito ang isa pang kahalintulad na artikulo. Tinatawag ito na 'palagay' o 'kuru-kuro'. Basahin at unawain ang sinasaad dito.

**Tinig Ko**
*Ni: Lani Antonio*
Pang-araw-araw na Balita

Lalong lumulubha araw-araw ang sitwasyon ng trapiko sa Metro Manila. Sa araw, kapansin-pansin na mukhang paradahan ang kalsada. Maraming kotse ang hindi na tumatakbo. Nagsisiksikan sa daan ang mga bus. Lalo pang nakapagpapalubha ng sitwasyon ang mga dyip na pangpasahero dahil kahit saan humihinto ang mga ito. Kahit ang mga pasahero ay umuukupa rin ng lugar sa kalsada habang nag-aabang ng sakay.

Dapat na kumilos tungkol dito ang *Metro Manila Development Authority* (MMDA). Dapat itong magkaroon ng mas maraming patakaran at tagapagpatupad. Kailangang maging mas mapagbantay ang mga may katungkulan sa MMDA ukol sa mga di pagsunod sa batas trapiko.

Malaya ring magpahayag ang mga manunulat ng kanilang kuru-kuro sa pamamagitan ng kanilang kolum sa pahayagan. Ginawa ni Lani Antonio isang manunulat ng Pang-araw-araw na Balita ang pananaw na iyong nabasa. Nagpahayag ang manunulat ng kanyang damdamin hinggil sa kalagayan pantrapiko sa Metro Manila. Inilahad din niya ang nasa isip niyang nararapat gawin ng pamahalaan. Nagbibigay-daan sa paghahayag o paglalahad ng iba't ibang palagay tungkol sa iba't ibang paksa ang pahayagan.

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Mag-isip ng limang tao sa iyong pamilya o pamayanan. Kausapin sila at tanungin tungkol sa kanilang iba't ibang gusto at ayaw. Anu-ano ang kanilang hanapbuhay? Pumapasok pa ba sila sa paaralan? Pag-isipan ang tungkol sa kanilang pangangailangan bilang indibidwal at tingnan kung paano makakaapekto ang pahayagan sa kanilang buhay. Isulat ang kanilang mga pangalan at itala kung paanong makahuhugis ang pagbabasa ng pahayagan sa kanilang buhay. Nasa ibaba ang isang halimbawa.

| Pangalan | Hanapbuhay | Halaga ng Pahayagan |
|---|---|---|
| 1. Atty. Reyes | Abogado | Nakatutulong sa kanya na malaman ang tungkol sa pinakahuling naipasang batas. |
| 2. | | |
| 3. | | |
| 4. | | |
| 5. | | |
| 6. | | |

Ipakita sa iyong *Instructional Manager* o *Facilitator* ang kumpletong talahanayan.

## Tandaan Natin

Isang mabisang anyo ng pabatirang pangmadla ang pahayagan at mahalaga itong kagamitan para sa epektibong pakikipagtalastasan at impormasyon. Mahalaga ang pahayagan sapagkat:

- Naghahatid ito sa atin ng mga impormasyon tungkol sa lokal at pangmalawakang isyu at kaganapan.
- Nakatutulong ito sa ating pang-araw-araw na pamumuhay sa pamamagitan ng paglalahad ng impormasyon tungkol sa iba't ibang paksa.
- Nagbibigay ito sa atin ng tinig, pagkakataon upang makapahayag ng ating mga kuru-kuro at pananaw.

## ARALIN 2

# Paano Basahin at Unawain ang Ulo ng mga Balita

Alam mo na ngayon na napakahalaga ng mga impormasyon mula sa pahayagan at ang isa itong mahalagang kagamitan sa pakikipagtalastasan. Gusto mo rin bang malaman ang pinakamabilis na paraan nang paghahanap ng pinakahuling balita sa buong araw.

Sa ngayon gusto mo pang higit na matuto, subalit medyo nahihirapan kang unawain ang mga maikling parirala na iyong nababasa sa pahayagan. Tinatawag ang mga ito na **Ulo ng mga Balita** o "*Headlines*", at ang pag-unawa sa mga ito ang makatutulong sa iyo upang maintindihan ang nilalaman ng iyong binabasa.

## Basahin Natin Ito

Ang **ulo ng balita** o *headline* ay ang pamagat ng artikulo. Dalawang bagay ang nagagawa nito. Una, ito ang nagbibigay ng pangunahing idea o pinakapaksa ng balita. Pangalawa, nakukuha nito ang atensiyon o interes ng mga mambabasa. Mayroong halimbawa ng ulo ng balita sa ibaba at ilang bahagi ng nilalaman nito. Basahin ito nang mabuti.

**A.**

**AFP : Ligtas ang Lahat ng Bihag**
*ni Paolo Romero at Roel Pareño*

Nagbigay ng katiyakan ang mga militar na buhay ang 19 bihag ng Abu Sayyaf habang lalong umiinit ang labanan sa pagitan ng mga sundalo ng pamahalaan at teroristang Abu Sayyaf sa katimugang isla ng Sulu pangalawang araw na kahapon.

Wala pang detalyeng naiulat ukol sa kapalaran ng mga bihag dahil sa utos ng pamahalaang huwag munang ilabas ang balita ukol dito.

The Philippine Star, Setyembre 18, 2000.

**B.**

**Romanian Lifters, Napatalsik**

Sydney, Australia - Napatalsik sa Olympics sa Sydney ang pangkat ng mga manlalaro sa '*weightlifting*' na taga-Romania nang hindi pumasa ang dalawang manlalaro pagkatapos isinagawa ang '*drug test*' bago ang laro.

Nagpahayag ang pangkalahatang direktor ng *International Olympic Committee* na si Francois Carrard noong Linggo na ipinag-utos ng *International Weightlifting Federation* ang pagkapatalsik sa pangkat ng mga 'weightlifter' na taga- Romania.

The Philippine Star, Setyembre 18, 2000

**C.**

**Gawaing Pisikal Higit Kaysa Pagbawas ng Pagkain**

Higit na mabuti ang gawaing pampisikal para sa pag-iwas at paggamot ng sobra sa timbang at mga taong mataba kaysa pagbabawas ng pagkain. Ito ang konklusyong ginawa ng mga dalubhasang sina Ana Sison at Dr. Marvin Santos sa pag-aaral tungkol sa katabaan.

Ayon sa mga pag-aaral, may kaugnayan ang dami ng nawawalang timbang kung gaano.ka kadalas nag-ehersisyo. Ipinahayag na higit na mabuti ang ehersisyong 'aerobic' at 'strength training' kaysa pagbabawas ng kinakain.

Ano ang iyong napansin tungkol sa mga ulo ng balita? Isulat ang mga ito sa ibaba.

________________________________________________________

________________________________________________________

Maikli at tiyak ang mga ito, gumagamit ng mga tiyak na salita upang isalarawan ang kahulugan ng impormasyon ng artikulo nang sa gayon ay madaling maunawaan ng mga mambabasa kung ano ang paksa sa unang sulyap pa lamang. Kung patuloy mong babasahin ang artikulo, makikita mo kung tungkol saan ang ulo ng balita.

Mapapansin mo na sinusundan ng "by-line" ang ulo ng balita na nagsasaad ng pangalan ng taong sumulat ng balita. Hindi lahat ng artikulo ay may "by-lines".

Tingnan natin ang nabasa mong dalawang ulo ng balita.

Basahin ang ulo ng balita sa artikulo A. - **AFP : Ligtas ang Lahat na Bihag**. Ano ang nais iparating ng ulo ng balitang ito? Ang AFP ay daglat ng Armed Forces of the Philippines. Sa patuloy na pagbabasa, maiisip natin ang nais ipahayag ng AFP na ligtas ang lahat ng bihag. Kaninong bihag ang tinutukoy ng balita? Isinulat ang artikulong ito habang may labanan sa pagitan ng Abu Sayyaf at pamahalaan. Ang mga bihag ay ang mga taong nasa kamay ng mga rebeldeng Abu Sayyaf.

Kung babasahin mo ang artikulo, malalaman mo na ayon sa pamahalaan na ligtas at buhay ang mga bihag kahit na nagpapatuloy ang labanan.

Ngayon basahin ang 'headline' sa artikulo B - **Romanian Lifters, Napatalsik**. Mula dito, maiintindihan mo na napatalsik ang mga 'lifters'. Anong uri ng 'lifters'? Muli, nagsasaad ang ulo ng balita na mga taga-Romania sila, mula sa bansang Romania.

Kung ipagpapatuloy ang pagbabasa ng balita, maiintindihan mo na isinulat ito habang may Olympics. Sa Olympics, hindi pinapayagan ang mga manlalaro na gumamit ng gamot na makatutulong sa kanila na maging mas malakas. Malalaman mo rin na napatalsik ang mga taga-Romania sa kumpetisyon dahil sa paggamit ng gamot.

Nakita mo na ba kung paano nakatutulong sa iyo ang ulo ng mga balita? Ang mga ito ang nagbibigay ng idea tungkol sa nilalaman ng balita. Ang ulo ng balita ang makatutulong sa iyo upang maintindihan kung ano ang iyong babasahin.

## Basahin Natin Ito

Ang malaking pag-unlad sa iyong kasanayan sa pagbabasa ng pahayagan ang kaalaman sa pag-unawa ng ulo ng balita. Gusto mo bang matuto ng dagdag na kaalaman kung paano ang epektibong pagbabasa? Kung gayon, maraming paraan sa pag-unawa ng artikulo. Gawin natin ito, bawat hakbang.

Sa halimbawa na ipinakita sa sunod na pahina, ano ang ulo ng balita?

______________________________________________

Ano ang ibig sabihin nito sa iyo? Isinasaad nito na binabaha ang lungsod. Sa salitang Metro, maiisip natin na tungkol sa Metro Manila ang artikulo. Mababasa mo rin na tinatayang umaabot sa 105 ang nawalan ng bahay. Gayun paman, hindi pa rin natin alam kung 105 pamilya o 105 katao ang sinasabi sa artikulo na nawalan ng bahay. Upang higit na maintindihan, kailangan nating ipagpatuloy ang pagbabasa.

Ano ang kasunod na pangalawang ulo ng balita o 'sub-headline'?

______________________________________________

Ang **pangalawang ulo ng balita** ang nagdaragdag sa nalaman natin mula sa pagbabasa ng ulo ng balita. Nabatid natin na binaha ang Metro Manila at umabot ng 105 ang bilang nang nawalan ng bahay. Naglalahad pa ng karagdagang balita ang 'sub-headline'. Sinasabi dito na magpapatuloy pa ang pag-ulan ayon sa mga dalubhasa. Gayumpaman, hindi buo ang nais nating malaman tungkol sa artikulo. Ipagpatuloy ang pagbabasa!

**METRO, LUMUBOG SA BAHA;**
**105 NAWALAN NG BAHAY** ← ulo ng balita

**Tinataya ng mga dalubhasa ang patuloy na pag-ulan sa darating pang mga linggo** ← pangalawang ulo ng balita

*Ni: Rosel C. Manahan* ← sumulat

larawan



Lubog sa tubig: lumulusong sa tubig ang mga naninirahan sa Pulang Lupa, Marikina ← pagsasalarawan

Ano ang *by-line*?

________________________________________________

Ang 'by-line' ang nagsasaad kung sino ang sumulat ng artikulo.

Bukod sa ulo ng balita, pangalawang ulo ng balita at ang sumulat ng balita (*by-line*), may larawan din ito. Mula sa larawan, marami pa tayong malalaman. Pag-aralang mabuti ang larawan. Ano ang iyong nakikita?

- Kalsadang binabaha
- Isang babae ang may kargang bata ang lumulusong sa tubig baha
- Lubog sa tubig-baha ang mga bubong ng bahay
- Mga taong nakaupo sa kanilang bubungan

Nagbibigay-diin ang mga **larawan** sa laman ng artikulo at sa mensahe ng ulo ng balita. Malinaw na ipinapakita sa atin ang kalagayan ng Metro Manila sa pamamagitan ng isang larawan. Sa pagtingin sa larawan, nakikita rin natin kung ano ang nararamdaman ng babae habang karga nito ang bata. Anak ba niya ang bata? Masaya ba siya o malungkot? Masaya ba ang mga taong nakaupo sa bubungan? Ano sa palagay mo?

Ang mga parirala sa ilalim ng larawan ang nagsasaad ng pagsasalarawan o *caption* kung ano ito. Sa halimbawa, ano ang nakasaad sa pagsasalarawan o *caption*?

________________________________________________

Ang *caption* ang nagbibigay ng impormasyon tungkol dito, tulad ng mga tao sa larawan, ng pangyayari, ng lugar kung saan kinuha ang larawan.

## Basahin Natin Ito

### Mga Artikulo

May artikulo ang ulo ng balita o 'headline' at larawan na iyong nakikita. Tulad ng kuwento ang artikulo. Ito ang naglalahad ng nagaganap na pangyayari. Sa pagbabasa ng artikulo malalaman mo kung ano ang nais iparating sa iyo ng ulo ng balita.

Maiintindihan mo ang nilalaman ng artikulo sa pamamagitan ng mga detalye. Ang unang mga pangungusap o ang unang talata ang tinatawag na **lead**. Basahin ang artikulo.

> Malaking bahagi ng Metro Manila ang naiwang may baha matapos bumuhos ang ulan noong nakaraang Martes.
>
> Nagpahayag din ang Department of Interior and Local Government na tumataas ang bilang ng mga nawalan ng bahay na umabot ito sa 105 pamilya. Inilikas sa mga sentro ng barangay na malapit sa kanilang lugar ang mga pamilyang nabanggit.
>
> Ayon sa sentro ng PAG-ASA, dahil sa bagyong Mariang ang ulan na nagmumula sa Timog Karagatan ng Tsina. Inaasahan ang patuloy na pag-ulan sa mga susunod na linggo dahil sa paparating na bagyong si Aning mula sa Pacific Ocean.

Ang lead ang sumasagot sa mga tanong na *sino*, *ano*, *kailan*, at *saan*. Nakasaad sa *lead* ang mahahalagang detalye .



## Subukan Natin Ito

Mahalagang tingnan kung nakapagbigay sa iyo ng idea ang tungkol sa kuwento o artikulo ang ulo ng balita. Tingnan natin kung tama o angkop ang ulo ng balita at pangalawang ulo ng balita na iyong nabasa at kung nakatulong ito upang maintindihan ang kuwento. Sagutin ang sumusunod na mga katanungan:

1. Anu-ano ang mga datos na isinaad sa ulo ng balita?

________________________________________

________________________________________

________________________________________

2. Nakikita ba sa artikulo ang mga datos na ito ?

________________________________________

________________________________________

________________________________________

3. Nakatulong ba sa iyo ang ulo ng balita at pangalawang ulo ng balita sa pag-unawa ng artikulo?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

Muli, maaari mong tingnan ang *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 32 upang malaman kung tama ang iyong mga sagot.



## Subukan Natin Ito

Maaari ka rin sumulat sa pahayagan! Tingnan natin kung pamilyar ka sa konsepto ng ulo ng balita. Sa Pangkat A, may mga maikling artikulo na walang ulo ng balita. Basahin nang mabuti ang mga ito at ihanap ng angkop na pamagat na makikita mo sa Pangkat B. Isulat sa nakalaang patlang ang titik ng katapat na ulo ng balita.

**Pangkat A.**

1. Kahapon, pinasaya ng sikat na basketbolistang si Michael Cruz ang mga manonood sa Cuneta Astrodome nang pangunahan nito ang lamang na 24 na puntos ng Purebeef Team. Tinalo ng Beefsters ang Milkmen, 84-60. _____

2. Inaresto kahapon sa kasong 'estafa' ang opisyal ng Department of Health (DOH) na si Luis de los Reyes. Iniulat na nagpapalabas ng palsipikadong tseke at palsipikadong dokumento si De los Reyes upang makakuha ng pera mula sa DOH. _____

3. Napahanga ng Pilipinong artista na si Ana Mayor ang mga manonood sa ibang bansa sa kanyang husay sa pag-arte sa pelikulang "Gabriela" at nanalo ito ng dalawang gantimpala nang nakaraang Sabado. Nakatanggap ng Gantimpala bilang pinakamahusay na Artista (*Best Actress Award*) ang nabanggit na artista mula sa World Academy of Film, gayundin ng Gantimpala bilang Pinakamahusay na Bagong Artista (*Best New Actress*). _____

4. Dumalaw kahapon sa mga bilanggo sa Kampo Sampaguita, Muntinlupa ang Arsobispo ng Maynila na si Kardinal Sin. Namuno siya sa pagdaraos ng misa at namigay sa mga bilanggo ng mga de-lata at regalo mula sa iba't ibang mamamayan ng ating bansa. _____

5. Hinatulan kahapon ng kasalanang pagpatay si Virginia Fernandez, 26 taong gulang, guro sa mataas na paaralan. Pinatawan ang guro ng parusang habang buhay na pagkabilanggo dahil sa pagpatay sa kanyang dalawang kasamahang guro. _____

6. Nakatuklas ng bagong bakuna ang mga dalubhasa sa University of Oklahoma, USA laban sa hepatitis B. Ayon kay Dr. Ann Monroe, ilalabas ang bakuna upang magamit ng publiko sa unang bahagi ng susunod na taon. _____

**Pangkat B.**

a. **Guro Hinatulan ng Habang-buhay sa Pagpatay**

b. **Pil-artista Pinahanga ang Mundo**

c. **Opisyal ng DOH Kinasuhan ng Estafa**

d. **Cruz Nanguna sa Beefsters sa Lamang na 24**

e. **Sin Nagbigay Pag-asa sa mga Bilanggo**

•

g. **Bagong Proteksiyon Laban sa Hepa B**

Tingnan kung tama ang iyong sagot sa pamamagitan ng *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 32–33. Kung nakuha ang lahat ng tamang sagot, binabati kita! Subalit huwag mag-alala kung hindi mo nakuha ang lahat ng tamang sagot. Ipagpatuloy ang pagbabasa at marami ka pang matututuhan.



## Pag-aralan at Suriin Natin Ito

Ngayon natutuhan natin kung paano gamitin ang ulo ng balita upang matulungan tayong unawain ang artikulo. Subalit tandaan, hindi lahat ng ulo ng balita ay tama. May mali o di angkop na nakalilito sa mambabasa. Naglalahad ito ng mga datos na sa palagay mo nagbibigay ng ibang sitwasyon sa sinasabi ng artikulo. Nakapagpalito sa iyo ang mga maling *headlines*. Kayat maging maingat sa pagbabasa ng pahayagan! Basahin upang maunawaan.

Narito ang dalawang halimbawa ng di angkop na *headlines* at ang mga artikulo nito.

Halimbawa 1:

> **Aso Nanalo Bilang Pangulo ng Pilipinas!**
>
> **Opisyal ng COMELEC inihayag na 'landslide' ang pagkapanalo**
>
> Iginawad kahapon ng *Philippine Federation of Dog Owners* kay Tagpi, isang 3 taong fox terrier, ang katungkulan bilang pangulo ng *Philippine Canine Association* (PCA). Itinatag ng PCA noong 1992 para lamang sa mga aso sa bansa. Maaaring maihalal sa pagkapangulo ang mga alagang aso mula sa iba't ibang panig ng bansa sa loob ng 3 taon.
>
> Nagpahayag ang opisyal ng COMELEC na si Dante Sison, may-ari kay Tagpi, na ito raw ang pinakamalaking panalo simula ng huling eleksiyon noon 1997.

Sa unang basa mo ng *headline*, ano ang iyong iniisip? Marahil, naisip mo na isang aso ang nahalal bilang pangulo ng Pilipinas. Ito ang nagawa ng *headline* upang maniwala ka.

Lalong nakapagpalito ang *sub-line* na "opisyal ng COMELEC inihayag na *landslide* ang pagkapanalo". Ang COMELEC ang komiteng itinalaga ng pamahalaan upang magsuri ng halalan sa pamahalaan sa ating bansa. Sa pagbasa ng *sub-headline*, ang unang iisipin na ang COMELEC ay may kinalaman sa halalan. Tiyak na ito ang nabuo sa isipan ng mga mambabasa na para sa pamahalaan ang halalan at isang aso nga ang nanalo bilang pangulo!

Hindi naman nalalayo sa katotohanan ang *headline* — nakalahad dito kung ano ang nasa artikulo. Subalit isinaayos o inilatag ito sa paraang taliwas sa naiisip mong sitwasyon.

Halimbawa 2:

> **Aunor Pinutol ang Buhay sa Gulang 57**
>
> **Libu-libong Tagahanga ang Nagdaos ng Lamay**
>
> Palagi niyang sinasabi "Show business ang aking buhay." At tinapos ng artista at mang-aawit na si Vilma Aunor ang kanyang buhay sa 'showbiz' sa pamamagitan ng pagreretiro kahapon. Nagpasyang magretiro ang aktres mula sa pag-aartista matapos ang kanyang huling pelikula, "Pilipina".
>
> Sabi ng mga tagahanga ng artista na ginagalang nila ang desisyon nito, samantalang magkaroon sila ng paglalamay ng tatlong araw sa lumang LVN Studio, kung saan si Aunor unang gumawa ng pelikula.

Muli mong mapapansin na nakalilito ang *headline*. Iisipin ng mambabasa na kinitil ng kilalang aktres na si Aunor ang kanyang buhay. Subalit kung babasahin mong mabuti, ang kanyang buhay artista o buhay sa 'showbiz' ang buhay na tinutukoy. Nagretiro ang aktres kayat "pinutol ang kanyang buhay".

Buo rin sa kaisipan ng mambabasa ang *sub-headline* na nagdaos ang mga tagahanga ng paglalamay para sa pagkamatay ng aktres. Muli, kung babasahin mo ang artikulo, makikita mo na ang paglalamay ay para lamang sa pagreretiro ni Aunor at hindi sa kanyang pagkamatay.

Maging maingat sa pagbabasa ng *headlines* na tulad ng mga ito! Maaaring malito ka at mapaniwala sa ibang ibig sabihin nito. Ngayon na alam mo na kung paano basahin ng maingat at suriin ang *headlines*, hindi ka na malilito kaagad.

## Tandaan Natin

Mas madali ang pagbabasa at pag-unawa ng balita kung marunong kang magbigay-kahulugan sa *headline*, gamitin ang iba pang detalye tulad ng *sub-headlines*, larawan at parirala sa ibaba nito. May limang (5) hakbang na maaari mong sundan sa pagbabasa ng artikulo sa pahayagan:

1. Basahin ang *headline* upang malaman ang kabuuang idea ng artikulo.
2. Sundan din ang *sub-headlines* upang mabigyan ka ng karagdagang idea tungkol sa artikulo.
3. Tingnan ang larawan at basahin ang paglalarawan sa ibaba.
4. Ihambing kung akma at hindi taliwas o nakalilito sa iyo ang *headline* mula sa mga detalye.

Natapos mo na ngayon ang modyul! Binabati kita at natapos mo ito! Sana nasisiyahan ka sa pagbabasa ng modyul at natutuhan mo kung paano pahalagahan at basahin ang pahayagan. Balikan natin muli ang ating napag-aralan upang lagumin ang mga natutuhan.



## Ibuod Natin

Ang modyul na ito ang magtuturo sa iyo ng lahat tungkol sa:

- Halaga ng pahayagan bilang kagamitan sa pagbibigay-impormasyon.
- Halaga ng pahayagan bilang tinig para sa ating mga pananaw at kuru-kuro.

Gayundin, ang modyul na ito ang gagabay sa iyong pagbabasa ng artikulo sa pahayagan sa pamamagitan ng:

- Pag-unawa at ipakahulugan ang *headline.*
- Paggamit ng mga iba pang kagamitan na makatutulong sa pag-unawa ng artikulo *sub-headline*, larawan, paglalarawan, at *lead*
- Pagkilatis ng mali o di-angkop na *headlines* upang maiwasan ang pagkalito.



## Anu-ano ang mga Natutuhan Mo?

Tingnan natin kung matatandaan mo ang lahat nang natutuhan mo sa pagbabasa ng modyul na ito. Gawin ang mga sumusunod na pagsasanay.

A. Sagutin ang sumusunod na mga katanungan:

1. Bakit mahalaga ang pahayagan sa iyong pang-araw-araw na pamumuhay?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. Paano nagsisilbing tinig ang pahayagan para sa pananaw o kuru-kuro at pagpapahayag?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

B. Lagyan ng tsek (✔) ang kahon kung sa palagay mo tama ang pangungusap. Lagyan ng ekis (✘) kung sa palagay mo mali ang mga ito.

☐ 1. Hindi nangangailangan ng pahayagan si Tina sapagkat nanonood siya ng balita sa telebisyon araw-araw.

☐ 2. Mabisa ang pahayagan sapagkat sa pamamagitan nito makakakuha ka ng balita kahit sa lugar ng walang radyo o telebisyon.

☐ 3. Hindi anyo ng pabatirang-pangmadla o *mass media* ang pahayagan.

☐ 4. Walang impormasyon ukol sa kalusugan ang pahayagan.

☐ 5. Maaari kang makabasa sa pahayagan tungkol sa musika at pelikula.

☐ 6. Hindi pinapayagan sa pahayagan ang mga palagay o kuru-kuro.

C. Basahing mabuti ang tatlong artikulo at pumili mula sa kahon ng mga *headlines* para sa angkop na *headline* ng bawat artikulo. Bilugan ang *headline* na sa iyong palagay ay pinaka-angkop.

1. Namahagi ng libreng gamot ang Department of Health (DOH) sa lugar ng Tondo at Maynila kahapon. Bahagi ng programang "Gamot para sa Kalusugan" ang pamamahagi na ito na nakalaan para sa mga naninirahan sa Maynila na walang pambili ng gamot at walang pambayad sa doktor.

| |
|---|
| Libreng Gamot Para sa Pilipinas |
| DOH Namahagi ng Gamot sa mga Maralita |
| Naninirahan sa Tondo, Nakatanggap ng Gamot Mula sa DOH |

2. Isang lumalaganap na sakit o *viral disease* sa lalawigan ng Balochistan sa Pakistan ang naging sanhi ng pagkamatay ng anim na katao nitong nakaraang linggo. Ayon sa opisyal sa kalusugan, kilala ang *virus* sa tawag na Congo virus. Kaagad na ipinadala sa mga lugar na apektado ng *virus* ang mga opisyal sa medisina .

| |
|---|
| Pakistan, 6 Namatay Sanhi ng Congo Virus |
| Virus Pinatigil ng mga Opisyal |
| Opisyal ng Medisina sa Pakistan Namatay |

3. Libu-libong mga tao ang nagmartsa sa kalsada kahapon para sa ika-28 anibersaryo ng deklarasyon ng 'martial law'. Nagmartsa ang mga manggagawa, mag-aaral, at mga drayber sa kahabaan ng Quezon Avenue, Quezon City at Espana, Maynila. Nagpahayag ang *Western Police District* (WPD) na mapayapa at organisado ang pagkilos o pagtitipon.

| |
|---|
| Pagkilos para sa Martial Law Marahas |
| Payapang Kilos-Protesta Naganap |
| WPD Inaresto ang mga Kasama sa Rally |

D. Lagyan ng pangalan ang sumusunod na mga bahagi ng isang artikulo sa pahayagan. Isulat ang inyong mga sagot sa loob ng mga kahon.

**PANGULO MAKIKIPAGPULONG SA MGA PINUNO NG MUNDO** ← [ ]

**Summit magtatagal ng 10 Araw** ← [ ]

*Ni: Jigme Palaña* ← [ ]


← [ ]

Pang. Estrada nagpapaalam habang paalis patungong Singapore upang makipagpulong sa mga pinuno ng mundo para sa Millennium Summit. ← [ ]

E. Basahin ang dalawang artikulo sa ibaba. May dalawang *headlines* ang bawat isang balita na matatagpuan sa loob ng kahon. Di angkop ang isa sa *headlines*. Lagyan ng ekis ang maling *headline* at ipaliwanag kung bakit.

1. Hindi nanalo ng kahit anong medalya nitong huling Olympics sa Sydney ang mga Pilipinong manlalaro subalit ayon sa Pederasyon ng mga Pilipinong Manlalaro o Federation of Filipino Athletes (FFA), ay nakakuha sila lahat ng ginto. Ayon sa Pangulo ng FFA Mario Hizon, nararapat gawaran ng gintong medalya ang mga manlalaro dahil sa kanilang pagsisikap at pagsasanay. Nagbigay ang FFA sa mga manlalaro ng gintong medalya sa isang seremonya na ginanap nitong nakaraang Martes.

| |
|---|
| Pilipinong Manlalaro Nakakuha ng Ginto sa Olympics! |
| FFA, Ginawaran ang mga Manlalaro ng Gintong Medalya |

Paliwanag:

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

2. Kahapon, sumapi ang Pilipinas sa isang samahan na tinatawag na United Southeast Asia o USA. Binuo ang samahan ng mga pinuno mula sa Southeast Asia upang itaguyod ang kapayapaan at pagkakaisa sa loob ng rehiyon. Ipinahayag ni Pangulong Estrada ang kanyang kasiyahan na maging bahagi ng samahan.

| |
|---|
| Pilipinas, Bahagi na ng USA |
| Pil. Sumali sa United Southeast Asia |

Paliwanag:

______________________________________________

______________________________________________

Natapos mo ba ang pagsubok? Tingnan sa *Batayan sa Pagwawasto* kung tama ang iyong mga sagot sa pp.33–35. Kung ano ang iyong puntos:

14–17 Magaling! Marami kang natutuhan mula sa modyul. Maaari ka nang magpatuloy sa susunod na modyul.

9–13 Pag-aralan muli ang mga bahagi ng modyul na hindi mo lubos na nauunawaan.

0– 8 Kailangan mong pag-aralan muli ang buong modyul.

## Batayan sa Pagwawasto

### A. Anu-ano na ang mga Alam Mo? *(pp. 2–3).*

A. 1. **Tama.** Ang Mass Media ay isang paraan ng komunikasyon sa mga tao. Maaari itong ipaabot sa pamamagitan ng telebisyon at radyo, o maaari rin itong nakasulat, tulad ng pahayagan.

2. **Tama.** May bahaging nagsasaad ng mga balitang palaro o pampalakasan ang pahayagan.

3. **Mali.** Kailangan ng bawat isa ang pahayagan. Maraming malalaman ang isang magsasaka sa pamamagitan ng pagbabasa ng pahayagan.

4. **Mali.** Hindi lahat na balita na kailangan mo ay maiibibigay ng telebisyon. May kamahalan at magastos kumpara sa isang pahayagan ang telebisyon. May mga lugar na di abot ng telebisyon.

5. **Tama.** Palaging bago ang balita ukol sa kalusugan at mga serbisyong ibinibigay ng gobyerno sa pahayagan.

6. **Mali.** May pahina ukol sa siyensya at teknolohiya na nagsasaad ng mga bagong tuklas ang pahayagan.

7. **Tama.** May bahaging tinatawag na *Classified Ads* ang pahayagan na nagsasaad ng mga bakanteng trabaho.

8. **Mali.** Sa pamamagitan ng *Classified Ads* maaaring magpalathala ng kani-kanilang mga kasanayan at kaalaman ang bawat isa.

9. **Mali.** Hindi kayang maabot ng radyo ang ilang lugar pero maaaring mabili kahit saang sulok ng bansa ang pahayagan.

10. **Tama.** Maaari kang sumulat sa Editor o magpahayag ng iyong opinyon sa isang bahagi ng pahayagan tungkol sa iyong mga pananaw.

B. 1. Isinasaad ng headline na ayaw pumayag ng Presidente sa mga hinihingi na ransom ng mga rebelde.

2. Isinasaad ng headline na patungo na ng Sydney Australia ang mga Pilipinong manlalaro upang lumahok sa Olympics. "Gun for Gold" ang kanilang bukangbibig na ang ibig sabihin, naghahangad ang mga manlalaro na makakuha sila ng mga gintong medalya sa kani-kanilang sasalihang laro.

3. Sinasabi ng headline na ito na patuloy na tumataas ang presyo ng bigas. Paglipad ng mataas, ang ibig sabihin ng pumaimbulog kaya ating naintindihan na patuloy pang tataas ang presyo ng bigas.

4. Itong headline na ito ay nagpapahayag na ang dalawampung (20) kilo ng shabung droga ay nakuha mula sa isang guro ng paaralan.

## B. Aralin 1

*Subukan Natin Ito (pp. 5-9)*

Oo, ang sagot sa lahat ng mga katanungan! Basahin upang malaman natin kung bakit.

1. Nakakakuha si Dr. Reyes ng pinakabagong balita tungkol sa siyensiya ng pangkalusugan at pang medisina sa pamamagitan ng seksiyon sa siyensya at kalusugan ng pahayagan.

2. Nakikita ni Ana ang mga kasalukuyang palabas na pelikula sa pamamagitan ng gabay sa pelikula. Matatagpuan ito sa isang pahayagan.

3. Ang pahayagan ang nagbibigay impormasyon kay Mando tungkol sa pinakahuling pagtaas ng sahod.

4. May pahina ukol sa kapaligiran at siyensya ang isang pahayagan. Kayang malaman ni Karen ang pinakabagong patakaran ng pamahalaan na matatagpuan sa pahayagan.

5. Sa pamamagitan ng pagbabasa ni Boyet ng pahayagan, madali niyang nalaman ang araw-araw na pangyayari sa ating bansa.

6. Kaya ni Mariang makahanap ng trabaho sa pamamagitan ng *Classified Ads* ng pahayagan. Ito ang seksiyon kung saan inilalathala ang mga bakanteng trabaho ng mga kompanya.

7. Malalaman ni Aling Minda sa pahayagan ang araw- araw na balita tungkol sa panahon.

8. Malalaman ni Aling Lucy ang pinakahuling pagtaas ng presyo sa pamamagitan ng pahayagan. Sa pamamagitan nito, malalaman niya kung magkano niya ipagbibili ang kanyang mga paninda.

9. May mga artikulo ang pahayagan tungkol sa mga kasayahan, pelikula, at mga artista. Dito maaaring magbasa si Michelle tungkol sa mga paborito niyang artista.

10. Marami pang malalamang bagay si Richie sa pamamagitan ng pagbabasa ng seksiyon ng pahayagan tungkol sa palaro o pampalakasan. Sa seksiyon ng pampalakasan matatagpuan ang pinakabagong puntos ng huling laro.

## C. Aralin 2

*Subukan Natin Ito (pp. 21–22)*

1. Nagsasaad ng sumusunod ang mga Ulong Balita:

   - Lumubog sa baha ang Metro
   - Nawalan ng bahay 105

2. Matatagpuan ang katotohanan sa artikulo. Nagsasaad ang artikulo na bumabaha halos buong panig ng Metro Manila dahil sa ulan. Isinasaad din na 105 pamilyang nawalan ng tirahan dahil sa baha.

3. Malaking tulong ang ulong balita at ang pangalawang-ulong balita sapagkat nagsasaad ito nang kabuuan ng artikulo. Tiyak at tumpak ito sa katotohanan na nais ipabatid ng artikulo.

*Subukan Natin Ito (pp. 22–23)*

1. **(d)** Cruz nauna sa Beefsters ng 24
2. **(c)** Opisyal ng DOH hinuli sa salang estafa
3. **(b)** Artistang Pilipina pinahanga ang buong mundo
4. **(e)** Sin nagbigay pag-asa sa kanyang mga kasama

5. (**a**) Guro nasentensyahan ng habambuhay sa salang pagpatay

6. (**f**) Bagong bantay laban sa Hepa B

D. *Anu-ano ang mga Natutuhan Mo? (pp. 26–29)*

A.

1. Mahalaga ang pahayagan sapagkat isa itong daluyan ng komunikasyon. Nagbibigay din ito ng mga impormasyon na maaari nating gamitin sa pang-araw araw na pamumuhay.

2. Oo, maaaring gamitin ang pahayagan na isang tinig pangkomunikasyon at pagpapahayag. Maaari ninyo itong magawa sa pamamagitan ng pagsusulat ng mga opinyon sa isang kolum o kaya sa pagliham sa editor upang magpahayag ng iyong damdamin.

B.

1. (**✗**) - Kailangan pa rin ni Tina ang pahayagan kahit na nanonood na siya ng telebisyon dahil naglalaman ng maraming impormasyon ang pahayagan, mura, at maaari itong mabasa nang paulit-ulit.

2. (**✓**) - Maaaring mabigyan kayo ng pahayagan ng mga impormasyon na hindi maibibigay ng radyo at telebisyon.

3. (**✗**) - Isang nakasulat na uri ng mass media ang pahayagan.

4. (**✗**) - May isang seksiyon ang pahayagan tungkol sa kalusugan.

5. (**✓**) - May seksiyon ang pahayagan tungkol sa libangan na nagsasaad ng paksa ng mga awitin at pelikula o palabas sa sinehan.

6. (**✗**) - Kaya mong maipahayag ang iyong opinyon sa pamamagitan ng pagsulat sa pahayagan o pagpapadala ng liham sa editor.

C.

1. Libreng Gamot sa Pilipinas - (✗) - Hindi mo puwedeng gamitin ang *headline* na ito dahil nagpapahayag ito na makakatanggap ng libreng gamot ang buong Pilipinas. Kung babasahin ang artikulo, ang Tondo lamang ang makatatanggap ng libreng gamot.

   DOH nagbigay ng gamot sa mga mahihirap - (✗) - Mali ang *headline* na ito dahil ayon sa artikulo, nagbigay ng libreng gamot sa Tondo ang DOH. Hindi ito nagsasaad na nagbigay ng libreng gamot ang DOH sa lahat ng mga mahihirap sa buong bansa.

   Nakatanggap ng libreng gamot ang mga nakatira sa Tondo mula sa DOH - (✔) - Ito ang tamang pamagat ng balita dahil nagsasaad ito ng tumpak na pangyayari.Totoong nakatanggap ng libreng gamot ang mga residente ng Tondo mula sa DOH.

2. Mikrobyong Congo anim ang pinatay sa Pakistan - (✔) - Ito ang tamang ulo ng Balita dahil nagsasaad ito ng katotohanan kung ano ang sinasabi ng artikulo.

   Mikrobyo pinatigil ng opisyal - (✗) - Mali ang *headline* na ito sapagkat hindi naman sinasaad sa artikulo na pinahinto ang mikrobyo ng isang opisyal ng Pakistan .

   Opisyal ng pangkalusugan namatay - (✗) - Mali rin ito sapagkat wala namang isinasaad sa artikulo na may namatay na opisyal.

3. Kilos-protesta sa batas-militar madugo - (✗) - Mali itong *headline* sapagkat hindi naman sinasabi ng artikulo na madugo ang kilos-protesta.

   Mapayapang kilos-protesta ginanap - (✔) - Tama itong *headline*. Sinasaad sa artikulo na nagpahayag ang WPD na mapayapa ang naganap na kilos-protesta.

   WPD inaresto ang mga sumali sa rally - (✗) - Mali ang *headline* na ito. Hindi nagsasabi ang artikulo na inaresto ng WPD ang mga sumama sa protesta.

D. Nasa tamang pagkakasunud-sunod, ang mga sagot

Arrow 1 – Ulo ng Balita/headline

Arrow 2 – Ikalawang ulo ng Balita

Arrow 3 – By-line

Arrow 4 – Larawan

Arrow 5 – Caption

E.

1. Pilipinong Manlalaro nakakuha ng ginto! - Dapat na alisin ito dahil di-angkop ito na maging ulo ng balita. Pinaniniwala ka nito na nakakuha ng ginto sa Olympics ang manlalarong Pilipino. Ang ginto na nakuha ay bigay ng Pederasyon ng mga Pilipinong Atleta.

2. Ngayon bahagi na ng USA ang Pilipinas - Dapat na alisin ito; di-angkop ito na maging ulo ng balita. Pinaniniwala ka nito na bahagi na ng Nagkakaisang Bansa ng Amerika o Estados Unidos ang bansang Pilipinas. Sa artikulo, nangangahulugan ng Nagkakaisang Bansa sa Southeast Asia ang USA.